Ann & Robert H. Lurie
Children's Hospital of Chicago®
Care Connect

# Setup ng StarLeaf Application sa Telepono at Tablet

1. Sa email na natanggap ninyo, paki-click ang "Join this StarLeaf meeting". Magbubukas ito ng bagong webpage na magpo-prompt sa inyo na i-download ang application mula sa App Store.







2. I-download ang StarLeaf mobile application
   - App Store - $0




3. Maglo-load ang application nang kamukha ng imahe sa ibaba. Ilagay ang email kung saan ipinadala ang imbitasyon sa StarLeaf.



4. Pagkatapos, ipo-prompt kayo na maglagay ng code na ipapadala sa inyong email.




5. Kakailanganin ninyong pindutin ang "continue" at "OK" para ma-access ang inyong Camera at Mikropono pati na rin para i-"allow" ang mga notification.




6. Pagkatapos, ilalagay ninyo ang inyong pangalan at numero ng telepono, at i-click ang "next".



Ann & Robert H. Lurie Children's Hospital of Chicago® Care Connect

# Sa Oras ng Inyong Appointment

1. Buksan ang email mula sa Lurie Children's na naglalaman ng link sa appointment (Ipinapakita sa ibaba)
2. 

3. Ipo-prompt dapat nito na magbukas ang inyong StarLeaf app at awtomatikong magsisimula ang meeting.

   *Kung may isang taong sasali sa tawag gamit ang Audio lang, huwag mahihiyang i-forward ang imbitasyon o ibigay sa kanila ang mga Audio Lang na numero ng telepono, at pati ang Meeting ID. Pakitandaan na dapat gamitin ng pasyente ang video na opsyon.



# Setup ng StarLeaf Application sa Desktop

1. Makakatanggap kayo ng email mula sa StarLeaf. Paki-click ang "Join the meeting"




2. Paki-click ang "*Download StarLeaf*"
3. I-click ang "run" at magda-download ang application




4. Kapag nakumpleto na ito, magbubukas ang sumusunod na window:



5. Ilagay ang inyong email address
    - Kapag nakumpleto na ito, lalabas ang sumusunod na screen
    - Pakilagay ang code na ipinadala sa inyong email



# Sa Oras ng Inyong Appointment

1. Buksan ang email mula sa Lurie Children's na naglalaman ng link sa appointment (Ipinapakita sa ibaba) at maglo-load ang meeting sa desktop application sa inyong computer.




2. Kung hindi maglo-load ang meeting sa pamamagitan ng pag-click sa link sa email, buksan ang desktop application at tingnan ninyo kung kaya ninyong
   a. Sumali sa meeting sa pamamagitan ng pag-click sa berdeng "join" na button
   b. I-dial ang Meeting ID na ibinigay sa inyo sa email, sa pamamagitan ng pag-click sa "join" sa itaas, at pagkatapos ay mag-dial



*Kung may isang taong sasali sa tawag gamit ang Audio lang, huwag mahihiyang i-forward ang imbitasyon o ibigay sa kanila ang mga Audio Lang na numero ng telepono, at pati ang Meeting ID. Pakitandaan na dapat gamitin ng pasyente ang video na opsyon.

